

PARA MAGING SANGGUNIAN LANG. MGA ONLINE NA APLIKASYON LANG.

PARA MAG-APPLY BUMISITA SA <https://commercegrants.com>



Programa ng Working Washington Grants: Round 4

Ang Working Washington Grants ng estado: Ilulunsad ang Programa ng Round 4 sa katapusan ng Marso 2021. Ang mga grant sa karapat-dapat na mga negosyo ay aabot hanggang \$25,000 (*mag-iiba-iba ang mga halaga ng award at isasaalang-alang ang nakaraang iginawad ng Working Washington na natanggap mula sa Commerce (Komersyo) o mga kaanib na kasosyo at priyoridad na itinakda sa batas*).

Nakatuon ang programang ito sa pagtulong sa maliit, for-profit (para sa kita), na mga negosyo na negatibong naapektuhan sa pinansyal dulot ng mga kautusan na may kinalaman sa COVID-19 at nauugnay na mga hakbang sa kalusugan at kaligtasan. Inaprubahan ng lehislatura ng estado ang \$240 milyon para sa programang ito ([Engrossed Substitute House Bill \(Batas sa Pinasiglang Kapital, ESHB\) 1368, na pinirmahan para maging batas](#) noong Feb. 19, 2021).

Ipapaskil ng Department of Commerce (Kagawaran ng Komersyo) ang impormasyon at naisalin na materyales sa aming website <https://www.commercegrants.com>. Kapag nagbukas na ang portal ng aplikasyon, maaaring tawagan ng mga may-ari ng negosyo ang aming sentro ng teknikal na tulong para sa mga tanong at tulong. Magiging available ang tulong sa maraming wika.

Pangkalahatang Timeline

- Ika-29 ng Marso: magbubukas ang portal ng aplikasyon. Mananatiling nakabukas ang yugto ng aplikasyon sa loob ng 12 araw.
- Kalagitnaan ng Abril: Pagsusuri sa mga aplikasyon
- Mayo: Aabisuhan ng Commerce ang mga mabibigyan ng grant at ipapamahagi ang pagpopondo

Mayroon kaming inilaan na dokumento ng Frequently Asked Questions (Mga Madalas na Itanong, FAQ) [link sa <https://commercegrants.com/grant-4/faqs>] para masagot ang mga tanong na maaaring mayroon ka, kasama na ang mga pangunahing detalye tungkol sa proseso ng aplikasyon. Pakisuriin ito nang mabuti.

Nakipagtulungan ang Washington State Department of Commerce sa Submittable para pangasiwaan ang proseso ng aplikasyon at ipamahagi ang mga award. Kung wala ka pang Submittable account sa kasalukuyan, aatasan kang magparehistro bago ma-access ang form. Inirerekomenda ng Submittable ang paggamit ng mga browser na Google Chrome, Mozilla Firefox, o Apple Safari. Kung mayroon kang aktibong account sa Submittable, puwede ka nang magpatuloy sa aplikasyon ng Working Washington Grants: Round 4 sa ibaba.

Aabisuhan ang matatagumpay na mabibigyan ng award sa kalagitnaan ng Mayo.
Pakitiyak na titingnan mo ang mga spam folder mo dahil manggagaling sa Submittable ang email ng award at hindi sa Washington State Department of Commerce.

Programa ng Working Washington Grants: Round 4 – Mga Tanong tungkol sa Aplikasyon para sa Grant

Pagtukoy sa Pagiging Karapat-dapat:

1. Nagmamay-ari at nagpapatakbo ka ba ng maliit na negosyo sa Estado ng Washington?

Oo / Hindi

Kahulugan: Ang maliit na negosyong for-profit (para sa kita) ay negosyong pinapatakbo nang may layuning kumita ng pera at maaaring ang kaayusan ng estruktura nito ay sole proprietor (nag-iisang may-ari), malayang kontratista, 1099 work (may sariling hanapbuhay), at o nakarehistro bilang “for-profit” na entidad ng negosyo (hal., C-corporation, S-corporation, korporasyon na may Panlipunang layunin, kumpanyang may limitadong pananagutan, pakikipagsosyo).

2. Nasa pagitan ba ng \$25,000 at \$5,000,000 ang kabuuang taunang kita ng negosyo mo noong 2019?*

Oo / Hindi

3. Pinapatakbo mo na ba ang negosyo mo bago ang Enero 1, 2020?*

Oo / Hindi

4. Kumikita ba ang negosyo mo nang di-bababa sa 51% ng kita nito mula sa Estado ng Washington?*

Oo / Hindi

5. Pinapatakbo mo ba ang negosyo mo mula sa pisikal na lokasyon sa Estado ng Washington (hiwalay sa iyong bahay) kung saan nagbabayad ka ng malalaking gastusin kagaya ng upa/renta, tubig at kuryente, atbp.??*

Oo / Hindi

6. Nakaranas ka ba ng bawas o kawalan ng kita sa pagitan ng 2019 at 2020? *

Oo / Hindi

7. Nilalayon mo ba na permanenteng isara ang iyong negosyo sa 2021?*

Oo / Hindi

8. Naghahanap ka ba ng grant bilang isang driver sa kumpanya ng shared-ride (kagaya ng Uber) o bilang host/tagapamahala ng yunit na bakasyonan o nirentahan nang panandalian (kagaya ng Airbnb o VRBO)?*

Oo / Hindi

Impormasyon ng Negosyo:

1. Legal na Pangalan ng Negosyo*

Ilagay ang legal na pangalan ng iyong negosyo kagaya ng ipinapakita sa iyong lisensya.

2. DBA ng Negosyo, kung naaangkop ("Does Business As" ("Nagpapatakbo ng Negosyo Bilang"))

Ilagay ang tradename ng "Doing Business as" kung naiiba ito mula sa legal na pangalan ng negosyo.

3. Mayroon bang Unified Business Identifier (UBI) Number ang negosyo mo?*

Oo / Hindi

Ang UBI number ay may siyam na numero na nagrerehistro sa iyo sa iba't ibang ahensya ng estado at nagpapahintulot sa iyong magnegosyo sa Estado ng Washington. Kung minsan, ang UBI number na inisyu ng estado ay tinatawag na numero ng pagpaparehistro sa buwis, numero ng pagpaparehistro ng negosyo, o numero ng lisensya ng negosyo.

Ikaw ay **inaatasang maglagay ng UBI number maliban kung ang negosyo mo ay pag-aari ng miyembro ng tribo at may lisensya o nakarehistro sa pederal na kinikilalang tribo sa Estado ng Washington.*

Sumangguni sa aming [mga FAQ](#) para sa karagdagang impormasyon.

3a. UBI ng Negosyo sa Estado ng Washington (9 na numero)*?

[Limitasyon: 9 na karakter (XXXXXXXXXX)]

4. Mayroon ka bang Federal Employer Identification Number (EIN)?

Oo / Hindi

Kilala rin ang Employer Identification Number (EIN) bilang Federal Tax Identification Number (TIN), at ginagamit ito para tukuyin ang entidad ng negosyo. Karaniwan, kailangan ng mga negosyo ang EIN. Kagaya ng Social Security number, ang EIN number ay siyam na numero ang haba at itinatalaga ng pederal na pamahalaan. Gumagamit ang IRS ng numero para matukoy ang mga nagbabayad ng buwis na inaatasang mag-file ng maraming tax return sa negosyo. Ang karaniwang format ay XX-XXXXXXX.

*Piliin ang "Hindi" kung wala kang EIN dahil isa kang sole proprietor at hindi ito kailangan. Hindi hinihingi sa iyo na ibigay mo ang iyong security number sa aplikasyong ito.

Sumangguni sa aming mga [FAQ](#) para sa karagdagang impormasyon.

4a. Federal Employer Identification Number (EIN)

[Limitasyon: 10 karakter (XX-XXXXXXX)]

5. Address ng Negosyo (kagaya ng ipinapakita sa WA Department of Revenue)

Linya ng Address ng Kalye*
Numero ng suite o yunit (opsyonal)
Lungsod
Estado
Zip
County

6. Nagpapatakbo ka ba ng negosyo sa address na naiiba sa address ng negosyo mo kagaya ng ipinapakita sa WA Department of Revenue?*

Oo / Hindi

6a. Pisikal na Address ng Negosyo

Linya ng Address ng Kalye*
Numero ng suite o yunit (opsyonal)
Lungsod
Estado
Zip
County

7. Kategoriya ng North American Industry Classification System (Sistema ng Klasipikasyon ng Industriya sa Hilagang America, NAICS) Code*

[Pumili sa Dropdown]

*Para sa mga negosyong nag-aalok ng maraming serbisyo, kagaya ng yoga studio at café, piliin ang sektor na tumutukoy sa pinakamalaking pinagmumulan ng kita

Kailangan ng tulong? Suriin ang aming suportang patnubay kung paano matutukoy ang iyong NAICS code.

- Kung ano ang NAICS Code: <https://www.naics.com/what-is-a-naics-code-why-do-i-need-one/>
- Hanapin ang iyong 6-na-numerong NAICS Code dito: <https://www.naics.com/search>

7a. Pakibigay ang 6-na-numerong NAICS code/industriya ng iyong negosyo na pinakamainam na naglalarawan sa iyong negosyo*

[Pumili sa Dropdown]

8. Anong taon mo sinimulan ang iyong negosyo? *

[Pumili sa Dropdown]

9. Ang negosyo mo ba ay isang franchise? *

Oo / Hindi

Ang franchise ay isang oportunidad sa negosyo na nagpapahintulot sa nag-franchise (posibleng ikaw) na magsimula ng negosyo sa pamamagitan ng legal na paggamit ng mga kahusayan, ideya, at mga proseso ng ibang tao (ang nagpapa-franchise). Kasama sa mga halimbawa ang Supercuts, Anytime Fitness, Subway atbp.

10. Pakilarawan ang iyong negosyo at ang mga produkto/serbisyo o aktibidad nito: *

[Limitasyon 100 Salita]

11. Pakilarawan ang naging epekto ng COVID-19 sa iyong negosyo:*

[Limitasyon 100 Salita]

Pondo ng Negosyo:

1. Ano ang kabuuang kita ng negosyo mo para sa taon ng kalendaryo 2019?*

[\$ USD]

**Pakilagay lang ang numero. Tukuyin sa pinakamalapit na buong numero at huwag isama ang mga kuwit o decimal point. Halimbawa: ang \$85,450.15 ay magiging 85450*

Ang kabuuang kita ng negosyo ay ang halagang kinikita ng negosyo mo mula sa pagbebenta ng mga kalakal o serbisyo bago mo ibawas ang buwis at iba pang gastos. Dapat itong makita sa 2019 tax return o Schedule C Line para sa mga Sole proprietor: <https://www.irs.gov/instructions/i1040sc>

**Pakitandaan na kailangang i-upload ang 2019 tax return para maging karapat-dapat para sa grant na ito*

2. Ano ang kabuuang kita ng negosyo mo para sa taon ng kalendaryo 2020?* Pakibigay ang pinakatumpak na pagtataya mo kung hindi mo nakumpleto ang mga buwis mo para sa taong iyon.*

[\$ USD]

**Pakilagay lang ang numero. Tukuyin sa pinakamalapit na buong numero at huwag isama ang mga kuwit o decimal point. Halimbawa: ang \$85,450.15 ay magiging 85450*

Ang kabuuang kita ng negosyo ay ang halagang kinikita ng negosyo mo mula sa pagbebenta ng mga kalakal o serbisyo bago mo ibawas ang buwis at iba pang gastos. Dapat itong makita sa 2020 tax return o Schedule C Line para sa mga Sole proprietor: <https://www.irs.gov/instructions/i1040sc>

3. Nagkaroon ka ba ng karagdagang gastusin dahil sa pandemyang COVID-19? Halimbawa, bumili ka ng mga plastik na barikada o partisyon, PPE para sa tauhan, mga heating lamp, tent o modipikasyon para matugunan ang kamakailang kinakailangan sa kaligtasan at pampublikong kalusugan. Pakipili ang tinatayang halaga.*

[Pumili sa Dropdown]

4. Karamihan ba sa mga kostumer mo ay, Business to Business (mga negosyo sa negosyo, B2B) o na direkta Business to Customer sa indibidwal (mga negosyo sa kostumer, B2C)? *

Business to Business (Negosyo sa Negosyo, B2B) / Business to Consumer (Negosyo sa Konsumer, B2C) / Hindi ko alam

Ang Business-to-business (Negosyo sa Negosyo, B2B) ay isang uri ng transaksyon sa pagitan ng mga negosyo, kagaya ng negosyong nagsasangkot ng manufacturer at wholesaler, o ng wholesaler at retailer.

Ang Business to Consumer (Negosyo sa Konsumer, B2C) ay tumutukoy sa proseso ng direktang pagbebenta ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng negosyo at mga konsumer/kostumer na gumagamit ng mga produkto nito o mga serbisyo. Karamihan sa mga kumpanya na direktang nagbebenta sa konsumer ay maaaring tukuyin bilang mga kumpanyang B2C.

5. Etnisidad*

Hispanic o Latino / Hindi Hispanic o Latino / Ayokong sagutin

6. Ang di-bababa sa 51% ng negosyo ko ay pagmamay-ari at pinapatakbo ng:

Ibig sabihin nito: Pagmamay-ari ang di-bababa sa 51% ng negosyo, na ipinapakita ang kontribusyon sa kapital at kahusayan at kinokontrol ang pangangasiwa at pang-araw-araw na operasyon.

[Piliin ang lahat ng naaangkop]

Babae/Kababaihan / Amerikanong Beterano / African American/Black / Hispanic/Latino / Asian American / Pacific Islander / Native Hawaiian / Alaskan Native / Native American / LGBTQ+ / Ayokong sagutin

Epekto sa Negosyo:

1. Nagbawas ka na ba ng mga tauhan mo mula Marso 1, 2020 dahil sa COVID-19? (Huwag ibilang ang sarili mo)*

Oo / Hindi / Wala akong empleyado

2. Inatasan ba ng mandato ng pamahalaan na magsara ang negosyo mo alinsunod sa Proklamasyon 20-25, mula Marso 25, 2020 hanggang Pebrero 12, 2021?*

Oo / Hindi / Hindi ko alam

3. Pansamantala pa rin bang nakasara ang iyong negosyo o tumatakbo ito sa binawasang kapasidad?*

Oo / Hindi

Suporta sa Negosyo:

1. Tukuyin kung ang pagpopondo ay gagamitin para mapanatili ang operasyon o tumulong sa muling pagbubukas ng iyong negosyo kung napilitan ito na pansamantalang magsara nang lubusuan dahil sa Proklamasyon 20-25 (mga kinakailangan ng “Manatiling Ligtas-Manatiling Malusog”) ng Gobernador?*

Panatilihin ang Operasyon / Tumulong sa Muling Pagbubukas

Piliin ang “Tumulong sa Muling Pagbubukas” kung itinigil mo ang lahat ng aktibidad ng negosyo o hindi kumita ang negosyo sa loob ng di-bababa sa isang linggo sa pagitan ng Marso 25, 2020 at Marso 28, 2021 dahil sa Proklamasyon 20-25 o anumang kautusang nauugnay sa COVID-19 na inisyu ng Gobernador.

2. Ano ang mga pagpopondo para makabawi, pautang at/o mga grant ang naigawad sa iyo, at ano ang mga halaga ito?

[Piliin ang lahat ng naaangkop]

Hindi pa ako nakakatanggap ng anumang grant o pautang / Paycheck Protection Program (Programang Proteksyon sa Suweldo, PPP) / Economic Injury Disaster Loans / Iba pang pagpopondo para makabawi

Hindi ka magiging hindi karapat-dapat kapag sinagot mo ang tanong na ito.

2a. Iginawad na Halaga*

[\$ USD]

3. Gusto mo bang ibahagi ng Commerce ang impormasyon mo sa pakikipag-ugnayan sa ibang organisasyon na maaaring mayroon ding magagamit na mga pondo para sa pagbibigay ng tulong sa negosyo?*

Oo / Hindi

Hindi ibabahagi ng Commerce ang iyong impormasyong pampinansyal o ang iyong impormasyon sa anumang organisasyong pangkomersyo.

Mga Sertipikasyon:

Sertipikasyon I

Pinatutunayan kong awtorisado ako para isumite ang panukalang ito para sa negosyo. Piliin ang checkbox para makumpirma ang iyong sertipikasyon.*

Sertipikasyon II

Pinatutunayan ko na ang negosyong ito ay walang isinasagawang diskriminasyon na labag sa batas kaugnay ng mga empleyado, nagboluntaryo, paghahatid ng mga programa o serbisyo, o mga kliyenteng pinagsisilbihan batay sa edad, kasarian, relihiyon/paniniwala, lahi, kulay, pambansa o etnikong pinagmulan, sekswal na oryentasyon, pangkasariang pagkakakilanlan o ekspresyon, kapansanan, katayuan sa pag-aasawa, militar o beteranong katayuan, pagbubuntis o henetikong impormasyon.

Piliin ang checkbox para makumpirma ang iyong sertipikasyon.*

Sertipikasyon III

Pinatutunayan kong tumpak ang ibinigay na impormasyon at kinakatawan nito nang wasto ang mga aktibidad sa negosyo ng aplikante. Pinatutunayan ko na, kung magagawaran ng pagpopondo mula sa Working Washington Grants: Round 4, gagamitin ang award para saklawin ang mga nagastos sa pagitan ng Marso 1, 2020, hanggang Hunyo 30, 2021, dahil sa pinansyal na paghihirap dulot ng pandemyang COVID-19 at ang pagpopondong ito ay gagamitin para sa mga gastusing hindi sinasaklaw ng iba pang pampubliko o pribadong pinagkukunan ng pagpopondong nauugnay sa COVID-19.

Tinatanggap ko na maaaring hilingin sa negosyo ko na magbigay ng mga resibo o karagdagang dokumentasyon nang hanggang 6 na taon matapos matanggap ang anumang pagpopondo ng grant. Kung sakaling matuklasang hindi karapat-dapat ang alinman sa mga gastusing binayaran ng pera ng grant alinsunod sa Federal Treasury o mga alituntunin ng aplikasyon, sumasang-ayon ako na bayaran ang Commerce nang buong halaga ng iginawad na grant.

Piliin ang checkbox para makumpirma ang iyong sertipikasyon.*

Sertipikasyon IV

Pinatutunayan kong aktibo ang negosyo ko at wala itong anumang isyu sa pagsunod o pangangasiwa mula sa pang-estado o pederal na mga ahensya, hanggang Marso 1, 2020.

Piliin ang checkbox para makumpirma ang iyong sertipikasyon.*

Sertipikasyon V

Pinatutunayan ko na ang negosyo ko ay hindi aktibong nagtataguyod ng deklarasyon ng pagkalugi o aktibong nakikibahagi sa mga kasalukuyan/nakabinbin na demanda.

Piliin ang checkbox para makumpirma ang iyong sertipikasyon.*

Sertipikasyon VI

Pinatutunayan ko na ang negosyo ko ay hindi isa sa sumusunod na mga katagorya:

- Lisensyadong operasyon ng marijuana/cannabis
- Entidad ng pamahalaan o mga tanggapan ng hinalal na opisyal
- Passive na negosyo, mga namumuhuanang kumpanya at mga namumuhunang nag-file ng Schedule E sa kanilang personal na tax return
- Pampinansyal na negosyo na pangunahing nakikibahagi sa negosyo ng pagpapautang, kagaya ng mga bangko, pampinansyal na kumpanya at factoring company
- Mga uri ng negosyong nakikibahagi sa anumang aktibidad na hindi kanais-nais sa lipunan o aktibidad na maaaring ituring na mapanira, kagaya ng mga negosyong rent-to-own at mga negosyong nag-e-encash ng mga tseke
- Mga uri ng negosyo na mahalay at seksuwal (mga negosyong "adult")
- Mga negosyo na pangunahing nakikibahagi sa mga aktibidad na pulitikal o nang-iimpluwensya
- Mga negosyong hinihigpitan ang pagtangkilik para sa anumang dahilan maliban sa kapasidad o mga paghihigpit sa edad dahil sa mga regulasyon
- Mga negosyong hindi pinahihintulutan ng pederal na pamahalaan

Piliin ang checkbox para makumpirma ang iyong sertipikasyon.*

Pirma:

Pakitandaan: Sa pamamagitan ng paglalagay ng datos sa susunod na patlang (Pangalan, Titulo, Matatawagang Numero ng Telepono):

1. Ipinahahayag mo na isa kang opisyal o iba pang ahente na awtorisadong pumasok sa kasunduang may legal na bisa para sa aplikante.
2. Sumasang-ayon ka na isumite ang aplikasyong ito para sa grant sa elektronikong anyo, na sasailalim sa mga nilalaman nito bilang elektronikong transaksyon.

3. Katumbas ng elektronikong pirma ang pagsang-ayon mo sa paglalagay ng datos sa sumusunod na mga patlang:

Pangalan

Titulo

Matatawagang Numero ng Telepono

Petsa

Hindi tatanggapin ng Washington Department of Commerce ang muling pagsasaalang-alang o mga apela sa isinumiteng aplikasyon para sa Working Washington Grants: Round 4. Hindi pinahihintulutan ang pagwawasto ng mga pagkakamali o pag-e-edit pagkatapos isumite ang iyong aplikasyon. Para sa karagdagang sanggunian at oportunidad para sa grant, bumisita sa: <https://www.commercegrants.com>

PARA MAGING SANGGUNIAN LANG. MGA ONLINE NA APLIKASYON LANG.

PARA MAG-APPLY BUMISITA SA <https://commercegrants.com>